



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Hulyo 13, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Air District, hinihiling sa mga employer na palawigin ang mga opsyon sa malayuang pagtatrabaho

Mga employer, hinihikayat na lumagda sa Cut the Commute Pledge

SAN FRANCISCO – Sa isang press conference ngayong araw, hiniling ng Air District ng Bay Area sa mga employer sa Bay Area na lumagda sa *Cut the Commute Pledge* para mapalawig ang mga opsyon sa malayuang pagtatrabaho para sa mga empleyado, at mapanatili ang progreso natin sa kalidad ng hangin kahit niluwagan na ang mga utos na manatili sa bahay.

Ang malinis na hanging naranasan natin mula nang atasan ang mga taga-Bay Area na manatili sa bahay noong Marso 16 ay bahagyang resulta ng labis na pagkaunti ng mga sasakyan sa ating mga kalsada. Transportasyon ang #1 pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa rehiyon, at lubos na gumanda ang kalidad ng ating hangin nang mawala ang mga bumibiyaheng sasakyan sa kalsada. Kung papayagan ang mga empleyadong sa bahay magtatrabaho, mananatiling asul ang ating kalangitan.

“Ipinakita sa atin ng pandemya na posible at produktibo ang malayuang pagtatrabaho para sa marami, at na nag-aalok ito ng alternatibo para maiwasan ang trapiko at mga mega commute - na nagreresulta sa maluluwag na kalsada, mas sariwang hangin, at mas masasayang empleyado,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Hinihiling namin sa mga employer sa Bay Area na lumagda sa aming Cut the Commute pledge at mag-alok ng mga opsyon sa malayuang pagtatrabaho sa kanilang mga empleyado simula ngayon. Ngayon na ang panahon para gamitin ang oportunidad na ito at mapanatili ang magandang kalidad ng hangin habang pinapaghinawa ang buhay sa Bay Area.”

Kasama sa mga benepisyo ng teleworking ang:

- Pagluwag ng daloy ng trapiko
- Mga matitipid sa gastos para sa mga employer at empleyado
- Pinahusay na pagtanggap at pagpapanatili ng empleyado
- Pinahusay na balanse sa buhay at trabaho
- Pinahusay na abilidad na epektibong ipagpatuloy ang negosyo bilang bahagi ng pagbangon sa sakuna o plano sa emergency

Sa paglagda sa pledge sa www.sparetheair.org, nangangako ang mga employer na palawigin ang mga opsyon sa malayuang pagtatrabaho para sa hindi bababa sa 25 porsyento ng mga empleyado na puwedeng gumawa noon batay sa kanilang mga kinakailangan sa trabaho. Nangangako rin ang mga employer na magsama ng pormal na patakaran sa malayuang pagtatrabaho bilang bahagi ng kanilang package ng mga benepisyo sa mga empleyado para mapaganda ang kalidad ng hangin at kalidad ng buhay para sa lahat ng residente ng Bay Area.

[Bay Area Air Quality Management District](#) (Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###